Republic of the Philippines
CITY COUNCIL
City of Manila

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 152

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 520
**Serye ng 2024**

**KAPASIYAHAN** NA NAGBIBIGAY NG PARANGAL KAY AIRA VILLEGAS SA PAGKAPANALO NG TANSONG MEDALYA SA LARANGAN NG BOXING SA PARIS 2024 OLYMPICS NOONG IKA-7 NG AGOSTO TAONG 2024

MGA MAY AKDA:

**HON. PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL**

at

**HON. ERNESTO C. ISIP, JR.**
Punong Mayorya

SAPAGKAT, ang Sangguniang Panlungsod ng Maynila ay patuloy na nagbibigay ng pagkilala at papuri sa mga huwarang Pilipinong atleta para sa kanilang mga kontribusyon upang magbigay ng karangalan sa lungsod at sa bansa;

SAPAGKAT, noong taong 2021, si Aira Villegas ay pinili ng Philippine Olympic Committee para tumanggap ng Olympics Solidarity Scholarship Grant ng International Olympic Committee. Bukod pa rito, lumahok siya sa 2022 Asian Games, na naganap sa Hangzhou, China noong Septiyembre ng taong 2023. Si Villegas ay dalawang beses na nakakuha ng medalya sa Southeast Asian Games, na pumangatlo sa Philippines-hosted 2019 competition;

SAPAGKAT, sa 2024 World Boxing Olympic Qualification Tournament 1 sa Busto Arsizio, Italy na ginanap noong ika-3 hanggang ika-11 ng Marso taong 2024, nanalo si Villegas sa Women's Flyweight Division Quota Bouts Round, na nakakuha sa kanya ng pwesto sa Paris Summer Olympics ng 2024;

SAPAGKAT, si Aira Villegas ay nanalo ng tanso sa women's 50-kg class sa Paris Olympics 2024. Sa kabila ng matinding kompetisyon sa semi-finals laban sa isang bihasang kalaban, ipinakita ni Aira Villegas ang kanyang tapang at determinasyon sa bawat suntok na nagdala sa kanya sa plataporma bilang isa sa pinakamagagaling sa mundo: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na nagbibigay ng parangal kay Aira Villegas sa pagkapanalo ng tansong medalya sa larangan ng Boxing sa Paris 2024 Olympics noong ika-7 ng Agosto taong 2024; at MANGYARING MULI

IPASIYA, na ang mga sipi ng Kapasiyahan na ito ay ipamahagi kay Aira Villegas bilang patunay ng walang hanggang suporta at pagkilala ng Lungsod ng Maynila sa kanyang mga natamo at patuloy na pagsusumikap sa palakasan at Tanggapan ng Pampublikong Impormasyon sa Maynila para sa maayos na paghahatid ng impormasyon sa publiko.

PINAMUNUAN NI:

**JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**
Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 15 ng Agosto 2024.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

JMG/RRB: acl/jok/cpf/hpr/jrp